

~Bakuna ang tanging paraan upang hindi magkaroon ng Tigdas • Rubella~

Magpabakuna para sa Tigdas at Rubella (MR)



Sa mga nagdaang taon, maraming nagka-Tigdas at Rubella (tigdas-hangin), lalo na sa mga lungsod. Madaling makahawa ang tigdas. May ulat din na dinala ang virus ng mga turista at mga naglakbay at bumalik sa Japan galing sa mga bansa sa Asya at Europa na kung saan pangkaraniwan ito. Pagkatapos, kumalat ito sa mga lugar kung saan may kontak sa maraming tao.

Nagkaroon ng epidemya ng Rubella noong 2012-2013. Marami ring na-impeksyon mula 2018, kaya't kailangan ang lubos na pag-iingat. Gayundin, kung titignan ang rekord ng bakuna ng mga naiimpeksyunan, napag-alaman na marami sa kanila ang hindi nakumpleto ang 2 beses na bakuna (kabilang na rito ang hindi sigurado kung may bakuna o wala).

Ang tigdas at rubella ay sakit na walang espesyal na paggamot subalit lubos na epektibo ang pagbabakuna. Kung may kontak ang isang taong walang depensa sa virus sa isang taong naiimpeksyon, sinasabing karaniwang nahahawa ito. Para matiyak na hindi mahawa, kailangang magpabakuna ng dalawang beses.

Ang puwedeng magpabakuna (Edad para sa libreng bakuna)

[1st Term] Mula 12-24 buwan pagkapanganak (Hanggang sa araw bago ng ika-2 kaarawan)



Gawing regalo ang pagbakuna sa unang kaarawan !

Inirerekomenda na pabakunahan ang bata sa lalong madaling panahon paglagpas sa edad na 1 taon kung kailan nawawala ang immunity ng bata mula sa ina nito



[2nd Term] 1 taon bago mag-elementarya (Mula 4/1~3/31 ng susunod na taon)

Kumuha ng pangalawang bakuna bilang paghanda sa pag-enrol sa elementarya.!

~ **Kahalagahan ng Pagpapabakuna ng Dalawang Beses** ~

- ① Maaaring hindi magkaroon ng immunity o panandalian lamang ang immunity kung 1 beses lamang magpabakuna.
- ② Sa pangalawang bakuna 98-99% ng mga bata ay nai-immune sa tigdas at rubella.
- ③ Kapag nagka-tigdas, maaring magkaroon ng komplikasyon at lumubha ang kalagayan
- ④ Maaring magkaroon ang sanggol ng Congenital Rubella Syndrom kapag nagka-rubella ang ina habang buntis ito.



Hangat maari, magpabakuna sa lalong madaling panahon. Mga itinalagang ospital.



Sa hinaharap na pagpasok sa paaralan o trabaho, maaaring matanong kung nakapagpabakuna laban sa tigdas.



1 Ang pagpapabakuna pagkatapos ng 1st at 2nd term ay opsyonal at kailangang magbayad ng mga 10,000 yen.

▲▽▲ Tungkol sa Agwat sa Bawat Bakuna ▲▽▲

Kapag magpapaturok ng bakuna (BCG, MR, Chicken pox, atbp.) at magpapaturok pa ng ibang bakuna, kailangan magkaroon ng 27 araw o mahigit na agwat sa bawat bakuna. Kapag magpapabakuna ng parehong uri ng bakuna nang ilang beses, kailangang sundin ang nararapat na agwat para sa bawat bakuna. Planuhin ang pagbabakuna.

▲▽▲ Tungkol sa side-effect ng pinagsamang bakuna para sa tigdas at rubella (MR) ▲▽▲

Pagkatapos ng unang bakuna, 13% ang nagkakalagnat at 3% ang nagkakapantal sa loob ng dalawang linggo, pero gumagaling ito agad sa loob ng 3 araw.

Pagkatapos ng pangalawang bakuna, lubos na mababa na ang pagkakataong magkaroon ng lagnat at pantal. May nagkaka-encephalitis o encephalopathy pero bihira ito (mas mababa pa sa 1 sa 1-1.5 milyon katao).

Anong klase ng sakit ang Tigdas ?

Noon, sinabing ang tigdas ay sakit na maaaring ikamatay mo. Labis itong nakakahawa at kung hindi ka magpapabakuna mahahawa ang karamihan ng mga tao. Dahil tumatagal ng 7-10 araw para gumaling, nahihirapan ang katawan at 1 sa 10 katao ang nao-ospital dahil sa komplikasyon, kaya layunin ng sandaigdigan na mawala ito.



◆ Paanonahawa at Incubation period

Nahahawa sa pamamagitan ng paghinga ng hangin na may virus ng tigdas nang dahil sa pag-ubo o pagbahin ng may sakit, nataliskan ng laway ng may sakit o may pisikal na kontak sa may sakit. Ang incubation period bago lumabas ang sintomas ay mga 10-12 araw.

◆ Sintomas

Ang pangunahing sintomas ay lagnat, ubo, sipon, pamumula ng mata, at maliliit na pantal. Sa unang 3-4 araw, may lagnat na mga 38°C. Mawawala ito sandali, subalit pagkatapos nito ay magkakaroon ulit ng mataas na lagnat at mga pantal. Huhupa ang lagnat pagkatapos ng 3-4 na araw at unti-unti itong mawawala rin ang mga pantal.

◆ Kumplikasyon

Ang mga kumplikasyon ng tigdas ay bronchitis, otitis media (pamamaga sa tenga), pulmonya, at encephalitis. Sa loob ng 100 katao, maaaring magkaroon ng otitis media (pamamaga sa tenga) ang 5-15 katao. Sa loob ng 1,000 katao, maaaring magkaroon ng encephalitis ang 1.

Bilang karagdagan, pagkatapos ng ilang taon hanggang sampung taon, 1 sa 100,000 katao ang maaaring magkaroon ng sub-acute sclerosing panencephalitis (SSPE), isang matinding encephalitis. Gayundin, 1 sa 1,000 katao ang namamatay sa tigdas. * **Maiiwasan ang mga seryosong kumplikasyon kung magpapabakuna.**

Anong klase ng sakit ang Rubella?

Ang mga pantal at lagnat ng rubella ay karaniwang gumagaling sa loob ng tatlong araw kaya't karaniwan itong tinatawag na Tigdas-hangin. Kapag nagkaroon ng Rubella ang ina sa simula ng pagbubuntis, malaki ang tsansa na ang sanggol na ipangananak ay may Congenital Rubella Syndrome (sakit sa puso, katarata, pagkabingi, atbp. mula sa pagkapanganak). Dahil hindi maaaring magpabakuna ang mga buntis, mahalagang magpabakuna bago magbuntis. Gayundin, mahalagang magpabakuna ang mga kalalakihan upang hindi mahawa ang mga buntis sa paligid nila.



◆ Paanonahawa at Incubation period

Nahahawa sa pamamagitan ng droplets na may virus ng rubella na kasama sa pag-ubo at pagbahin ng may sakit. Ang incubation period ay 14-21 na araw.

◆ Sintomas

Ang mga pangunahing sintomas ay mga pantal na hindi kasing pula ng tigdas, lagnat, at pamamaga ng mga lymph node (kulani) sa likod ng leeg. Maari ring magkaroon ng ubo, sipon o pamumula ng mata.

◆ Kumplikasyon

Naiulat na pananakit ng kasukasan, Thrombocytopenic Purpura (ITP- sakit na sanhi ng pagbaba ng platelet na magdudulot ng pagdudugo ng gilagid, pasa at internal bleeding) at encephalitis.

Tinatayang mga 1 sa 3,000 katao ang nagkaka-ITP at 1 sa 6,000 katao ang ang nagkaka-encephalitis. Mas malala ang rubella kapag nakuha nang matanda na kaysa sa bata.

【Contact Information】

Ward Office Health and Welfare Center

Osaka City Health Center, Infectious Diseases Prevention Department

TEL : 06-6647-0813 FAX : 06-6647-0803

(June 2024)